



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-12

“NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 03, S-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY CAMACHILIHAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1*) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN ANIMNAPU’T DALAWANG LIBO, WALONG DAAN TATLONG PISO AT LIMAMPU’T PITONG SENTIMO (₱362,803.57).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA’T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Camachilihan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱362,803.57;

SAPAGKA’T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Camachilihan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA’T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Camachilihan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA’T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03, S-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Camachilihan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget No. 1*) para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Tatlong Daan Animnapu’t Dalawang


TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos


Libo, Walong Daan Tatlong Piso at Limampu't Pitong Sentimo (P362,803.57).


PINAGTIBAY, ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle D.R. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim